感染した方へ：タガログ語

# Para sa mga nasuri na may COVID-19

**Kung ang iyong pagsusuri (*test*) ay nagpositibo sa COVID-19,**
**Ang iyong lokal na pampublikong *health center* ang mag-aayos para mai-admit ka sa isang itinalagang ospital o pasilidad. Maaring irekomenda din nila na ibukod mo ang iyong sarili mag-isa sa bahay (*self-isolation*). Mangyaring sundin mo lamang ang mga ibibigay nilang panuto.**

**Kung ikaw ay nag-positibo**

**Kung banayad lamang ang iyong mga sintomas o hindi ka nagpapakita ng anumang sintomas**

**Kapag kinailangan mo na ipa-admit ayon sa pagsusuri ng iyong doktor**

**Pag-admit sa isang pasilidad or pagbukod mag-isa sa sariling bahay (*self-isolation*):**

**Ang iyong lokal na health center ang susubaybay sa iyong kalusugan.**

- **Suriin at itala ang iyong temperatura ng dalawang beses sa isang araw: tuwing umaga at gabi.**
- **Obserbahan mo kung magkakaroon ka ng anumang sintomas.**

**Kung lumala ang iyong mga sintomas**

**Kapag kinakailangan mo na ipa-admit alinsunod sa batas (*semi-compulsary admission*)**

- **Hinihiling naming ang iyong kooperasyon at pakikipagtulungan sa mga lokal na pampublikong kawani ng kalusugan habang sila ay nag-iimbestiga ukol sa iyong kalagayan (*case investigation*), at kung kanino galing at sa pagtunton sa mga maaari pang nahawa (*contact tracing*) ng sakit na ito. Sinisiguro namin na ligtas ang anumang pribadong impormasyon na ibibigay mo.**
- **Ang pagliban mo sa trabaho ay ipapatupad ng naaayon sa batas.**
- **Ang pangangalaga ng iyong kalusugan (*healthcare*) na iyong matatanggap habang ikaw ay na-admit sa ospital o sa isang pasilidad ayon sa batas (*semi-compulsary admission*) ay babayaran ng gobyerno. Ngunit maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi sa gastos depende sa iyong kita.**

## Mga pamantayan para sa pagpapauwi at pagbalik sa trabaho



### Kung meron kang sintomas

1. Sampung (10) araw matapos magsimula ang sintomas at 72 na oras mula ng mawala ang sintomas.
2. Negatibo ang resulta ng dalawang magkasunod na ispesimen para sa pagsusuri (*test*), na nakolektang may agwat nang higit sa 24 na oras. Importanteng nakolekta ito ng higit sa 24 oras matapos mawala ang mga sintomas.

### Kung wala kang nararamdamang sintomas

1. Sampung (10) araw matapos makakuha ng positibong resulta sa pagsusuri sa COVID-19 (*test*).
2. Negatibo ang resulta ng dalawang magkasunod na ispesimen para sa pagsusuri (*test*), na nakolekta ng higit sa 24 oras ang agwat. Importanteng nakolekta ito ng higit sa anim (6) na araw matapos magpositibo sa COVID-19.

**Para sa mga katanungan at alalahanin, makipag-ugnayan lamang sa iyong lokal na health center.**



Contact information ______________________________

______________________________